# Deadline sa pagbabayad ng buwis sa QC, extended

Extended na ang pagbabayad ng buwis sa Quezon City hanggang April 30 mula sa dating deadline na hanggang March 31 lamang.

Ayon kay QC Mayor Joy Belmonte, ni-request niya sa QC Council na gumawa ng ordinansa na nagpapalawig sa pagbabayad ng business, real property at transfer taxes bunsod na rin ng banta ng Covid-19 sa lunsod.

"This way, local residents have more time to settle their dues amid the declaration of community quarantine in Metro Manila, Ito'y tulong na rin sa ating mamamayan na naaapektuhan sa banta ng COVID-19 sa ating lungsod," pahayag ni Belmonte.

Kaugnay nito, sinabi ni City Treasurer Ed Villanueva na makaraang aprubahan ng QC Council ang request ni Mayor Belmonte, magiging sa April 30 na lamang ang deadline sa pagbabayad ng buwis sa QC.

Dahil anya sa extension, patuloy pa ring nagkakaloob ang lokal na pamahalaan ng discount sa mga early taxpayers. *(Angie dela Cruz)*